Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

TANGGAPAN NG KALIHIM NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG PANGKAGIPITANG/DAGLIANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN, NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN NG BAHAY PAMAHALAAN NOONG ABRIL 03, 2009

MGA DUMALO:

Kgg. Juanito H. Santiago ----- Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

KONSEHAL

Kgg. Segundo R. Angeles ----- Majority Floor Leader
Kgg. Divina E. Reyes ----- Minority Floor Leader

Kgg. Alexis C. Castro
Kgg. Andre Favian D. Santos
Kgg. Allane T. Sayo
Kgg. Quintin F. Nieto (Ex-Officio, Liga)

Kgg. Alan P. Aguilar
Kgg. Marlon O. Villamar
Kgg. Irma G. Celones
Kgg. Maria Richella I. Silvestre (Ex-Officio, SK)

KAPASIYAHAN BLG. 2009 – 37

Ipinanukala ni Konsehal Segundo R. Angeles at pinangalawahan ng lahat ng konsehal ng Sangguniang Bayan na dumalo.

KAPASIYAHAN
NA PINAGTITIBAY ANG FINAL APPROVAL PARA SA LAND DEVELOPMENT NG MGA PARSELA NG LUPA NA MAY MGA TITULO BLG. T-82.745 (M), T-82.714 (M), T-82.713 (M), T-410287 (M), T-410288, T-410289 (M) AT T-410290 (M) NA MAY KABUUANG SUKAT NA DALAWAMPU'T PITONG LIBO ISANDAAN ANIMNAPU'T TATLONG METRO KUWADRADO (27,163 SQ. M.), NA DINIDEBELOP NG MOLDEX REALTY, INC. NA MATATAGPUAN SA BARANGAY LOMA DE GATO, BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN.

SAPAGKAT, ang Moldex Realty, Inc. sa pamamagitan ng kanilang Kinatawan, G. Jose E. Po ay nag-apply sa Sangguniang Bayan na mabigyan ng Final Approval para sa land development ng mga parsela ng lupa na may mga Titulo Blg. T-82.745 (M), T-82.714 (M), T-82.713 (M), T-410287 (M), T-410288, T-410289 (M) at T-410290 (M) na may kabuuang sukat na Dalawampu't Pitong Libo Isandaan Animnapu't Tatlong Metro Kuwadrado (27,163 sq. m.), sa barangay Loma de Gato ng bayang ito;

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksiyon 447 (2) (x) ng Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991 na isa sa mga kapangyarihan, tungkulin at gawain ng Sangguniang Bayan na: "Sa ilalim ng batas pambansa, ay magproseso at magpatibay ng mga plano ng subdibisyon para sa layuning pangtirahan, pangkalakalan o pang-industriya at iba pang mga layuning pangkaunlaran at mangolekta ng kaukulang butaw at iba pang mga singilin para sa pagpoproseso na ang halagang malilikom ay buong tutungo sa bayan";

SAPAGKAT, sa ilalim ng Executive Order No. 71 batay sa Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang kapangyarihan ng Housing and Land Use Regulatory Board (HLURB) na magpatibay ng preliminary at final approval ng plano ng mga subdibisyon ay inilipat na sa mga pamahalaang lokal o local government units;

PDF created with pdfFactory Pro trial version www.pdffactory.com

PANGKARANIWANG PULONG
KAPASIYAHAN BLG. 2009 – 37

SAPAGKAT, sa bisa ng Resolution No. 863 na may petsa Hunyo 02, 1997, ay ipinahayag ng Sangguniang Bayan ng Marilao sa HLURB ang pagsang-ayon at kahandaan na magpatibay ng mga subdivision plans;

SAPAGKAT, ang Moldex Realty, Inc. ay nagsumite ng mga dokumento upang ang kanilang aplikasyon para sa Final Approval ng land development ng nasabing mga parsela ng lupa ay mapagtibay ng Sangguniang Bayan;

SAPAGKAT, ayon sa mga dokumentong isinumite, ang naturang subdibisyong residensyal ay umaalinsunod sa mga ipinag-uutos at itinatadhana ng P.D. 957;

DAHIL DITO, IPINASIYA, GAYA NG NGAYON AY GINAGAWANG PAGPAPASIYA, na pagtibayin ang Final Approval para sa land development ng mga parsela ng lupa na may mga Titulo Blg. T-82.745 (M), T-82.714 (M), T-82.713 (M), T-410287 (M), T-410288, T-410289 (M) at T-410290 (M) na may kabuuang sukat na Dalawampu't Pitong Libo Isandaan Animnapu't Tatlong Metro Kuwadrado (27,163 sq. m.), na dinidebelop ng Moldex Realty, Inc. na matatagpuan sa barangay Loma de Gato, bayan ng Marilao, lalawigan ng Bulacan.

IPINASIYA PA RIN, na ang nagpapaunlad o nagdedebelop ay inaatasang isama sa plano ng pagpapaunlad (Development Plan) ang mga sumusunod na alituntunin:

1) Pagbibigay ng right of way sa mga naninirahan at residente sa gilid o tabi ng subdibisyon.
2) Maglagay ng mga daanan o kalsada na magdudugtong sa mga katabing subdibisyon.
3) Pagsasaayos ng creek na dadaluyan ng drainage system.
4) Pagtatanim ng mga punong kahoy at halaman sa mga daan at pang-serbisyong daan ng subdibisyon ayon na rin sa programang pangkalinisan at pagtatanim ng Pamahalaang Nasyonal.

PINAGTIBAY, Abril 03, 2009.

JUANITO H. SANTIAGO
Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

PINATOTOHANAN:

MA. ELPILINDA E. GALLARDO
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY: APR 03 2009
Petsa

EPIFANIO V. GUILLERMO
Punong Bayan

PAGPAPATUNAY

Pinatutunayan ko na ang kapasiyahang ito na pinagtibay sa ikalawang pagbasa noong Abril 03, 2009, ay lubos na naipasa sa naturang petsa.

MA. ELPILINDA E. GALLARDO
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Bayan

PDF created with pdfFactory Pro trial version www.pdffactory.com